PARA SA AGARANG PAGLABAS

# Nase-secure ng Lungsod ang $25,000 grant mula sa CN at Tree Canada para magtanim ng mga punong-kahot; ibalik sa dati ang Batsman Park woodlot

BRAMPTON, ON (Oktubre 22, 2021) – Sa araw na ito inanunsyo ni Mayor Patrick Brown, Mga Konsehal, at mga kinatawan mula sa Tree Canada at sa Toronto and Region Conservation Authority (TRCA) ang $25,000 grant mula sa CN at Tree Canada para makatulong sa pagpapabalik sa dati ng Batsman Park woodlot sa Brampton.

Nakikipagtulungan ang Lungsod sa TRCA at mga estudyante mula sa Eco Club sa Louise Arbour Secondary School at mga estudyante mula sa Lougheed Middle School para maibalik sa dati ang woodlot. Ang woodlot, na matatagpuan sa Batsman Park sa 389 Father Tobin Road, ay nasira mula sa Emerald Ash Borer, ang 2013 ice storm, at invasive species. Ang pagpopondo na ito ay magpapahintulot sa Lungsod at sa mga partner nito na bumuo ng pagtatanim at plano sa pagsubaybay at bagong mga feature para sa woodlot, pati na rin ang magtanim ng 1,000 katutubong mga punong-kahoy at shrubs.

Ang mga punong-kahoy ay gumaganap ng mahalagang papel sa pagpapababa at pag-angkop sa pagbabago ng klima, tumutubo sa urban na kagubatan at ginagawang mas maganda ang mga espasyo, at sinusuportahan ang kalusugan ng publiko. Ito ay isang mahalagang luntiang imprastraktura na may mga benepisyong pangkapaligiran, pang-ekonomiya, at panlipunan para sa ating komunidad. Ang mga punong-kahoy na itinanim sa Batsman woodlot ay maibibilang sa layunin ng Lungsod na magtanim ng Isang Milyong Punong-kahoy bago lumipas ang 2040.

Ang grant na ito ay bahagi ng inisyatiba ng CN EcoConnexions – From the Ground Up na namumuhunan ng higit sa kalahating milyong dolyar sa mga programa na nagpapaluntian sa komunidad sa buong Canada. Ang CN ay may nagluluntiang mga komunidad sa pamamagitan ng inisyatibang ito mula 2012 na may sustenable, responsable sa kapaligiran na mga proyekto sa pagtatanim ng punong-kahoy. Sa pamamagitan ng sari-saring mga programa nito sa pagtatanim ng punong-kahoy, kabilang ang *From the Ground Up*, ang CN ay nakapagtanim ng higit sa dalawang milyong punong-kahoy sa buong Canada.

**Tungkol sa Tree Canada**
Ang Tree Canada ay ang tanging nasyonal na  non-profit na organisasyon na inialay sa pagtatanim at pangangalaga ng mga punong-kahoy sa rural at urban na mga kapaligiran. Sa pamamagitan ng aming mga programa, pananaliksik at mga pagsisikap sa pakikilahok, nakatulong tayo sa pagpapabalik sa dati ng mga punong kahoy na pananggalang sa mga lugar na natataman ng mga likas na sakuna, ginabayan ang mga komunidad sa pangangasiwa sa kanilang urban na mga kagubatan, sumuporta sa higit sa 700 proyekto na pagpapaluntian sa bakuran ng paaralan at nag-organisa ng mga kumperensiya sa urban na kagubatan. Hanggang ngayon, kasama ang ating mga partner sa komunidad at isponsor, nakapagtanim na tayo ng higit sa 83 milyong punong-kahoy. Para sa karagdagang impormasyon, bisitahin ang treecanada.ca.

**Tungkol sa CN**
Ang CN ay isang a world-class na nangunguna sa transportasyon at tagapag-pagana sa kalakal. Napakahalaga sa ekonomiya, sa kostumer, at sa mga komunidad na pinaglilingkuran nito, ang CN ay ligtas na nagta-transport sa higit sa 300 milyon na tonelada ng mga likas na yaman, ginawang mga produkto, at finished na mga goods sa buong North America taon-taon. Bilang tanging riles na nagkokonekta sa Eastern at Western coast ng Canada kasama ang U.S. South sa 19,500-milyang rail network, ang CN, at mga kasapi nito ay nakakaambag sa kasaganaan ng komunudad at sustenableng kalakal mula 1919. Committed ang CN sa mga programa na sumusuporta sa sosyal na pananagitan at pangkapaligirang stewardship.

**Mga Quote**

“Excited tayo na ma-secure ang $25,000 grant mula sa CN at Tree Canada para masuportahan ang ating pagpapabalik sa dati ng Batsman Park woodlot. Ang Brampton ay isang Green City, at kasama ang ating mga partner, dedicated tayo sa pagdadagdag ng mga canopy ng punong-kahoy sa Brampton, na pumoprotekta sa ating urban na kagubatan, at pagpapanatili sa ating lungsod na luntian at maganda.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang grant na ito ay direktang aambag sa pagiging sustenable ng Brampton at sa mga layunin sa klima. Ang mga punong-kahoy ay bahagi ng ating komunidad, tumutulong sa paglilinis ng ating hangin, nagbibigay ng mas maraming lilim, pinapalawak ang ating urban na kagubatan, at pinapaganda an gating lungsod.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5; Chair, Community Services, Lungsod ng Brampton*

“Dedicated ang Lungsod sa paghahatid ng mga pamumuhunan sa Bramton, at malugod nating tinatanggap ang pagpopondo na ito mula sa CN at sa Tree Canada. Ang mga estudyante sa Batsman Park area at ang ating buong komunidad ay makikinabang nang malaki mula sa pagpapabalik sa dati na ito. Kasama an gating mga stakeholder, committed tayo sa pagsuporta sa mas luntiang kinabukasan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

“Nagagalak ang Toronto at Region Conservation Authority na makipag-partner sa Lungsod ng Brampton, sa Tree Canada at sa mga local na paaralan na magtanim ng 1,000 katutubong mga punong-kahoy at shrubs para makatulong na maibalik sa dati ang Batsman woodlot. Ang kahanga-hangang inisyatiba a ito ay nagbibigay ng pagkakataon para matuto ang mga estudyante tungkol sa mga pakinabang ng pagtatanim ng mga punong-kahoy sa urban na mga espasyo at hinihikayat ang mga estudyante na maging may alam sa tungkulin na ginagampanan nila bilang mga tagapangalaga sa likas na kapaligiran.”

- *Jennifer Innis, Chair, TRCA Board of Directors*

“Ang Tree Canada, ang tanging nasyonal na non-profit na organisasyon sa pagtatanim ng punong-kahoy sa Canada, ay nananabik na ipagpatuloy ang ating partnership sa CN para dalhin ang EcoConnexions *From the Ground Up* sa mga nararapat na mga komunidad sa buong Canada. Sa programang ito, lumilikha ang CN ng tumatagal na legacy ng pagiging sustenable para sa mga henerasyon sa kasalukuyan at sa hinaharap, nagbibigay ng pondo at labis na kailangang kamalayan sa halaga ng mga punong-kahoy sa ating kalusugan at kabutihan, pati na rin sa kapaligiran.”

- *Danielle St-Aubin, CEO, Tree Canada*

"Sa CN, gusto naming makagawa ng positibong pagbabago sa komunidad ng aming network, at kasama ang aming mga empleyado, mga retirado, at mga partner, committed kami sa pagtataguyod ng ligtas at sustenableng mga komunidad saanman kami nagnenegosyo. Mula sa paglikha ng programa sa 2012, kasama ang suporta ng aming parter, Tree Canada, nakatulong kami sa pagtanim ng higit sa 2 milyong punong-kahoy sa mga munisipyo at mga komunidad ng Katutubo mula sa isang dulo ng lupain papunta sa iba. Sa paggawa nito, nakakaambag kami sa isang sustenableng komunidad paminsan-minsan."

- *Sean Finn, Executive Vice-President, Corporate Services at Chief Legal Officer, CN*

"Nananabik ang mga kawani at estudyante sa Louise Arbour Secondary School na maging bahagi ng pagpapabalik sa dati ng stewardship Batsman Park woodlot. Ang pagkakaroon ng pagkakataon na magtrabaho sa Lungsod sa pagpaplano at pagsusubaybay sa tagumpay ng ibinalik sa dati nga katutubong punong-kahoy ay magbibigay sa mga estudyante ng tuloy-tuloy, mga pagkakataon ng pagkatutuo sa totoong mundo, at nagpapakilala sa kanila sa hanay ng mga landas sa karera sa larangang pangkapaligiran."

*- Linda Ryan, Acting Head of Science*, *Louise Arbour Secondary School*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa Twitter, Facebook, at Instagram. Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

**MGA KONTAK NG MEDIA**

Prabhjot Kainth
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon
Lungsod ng Brampton
905-874-3426 | Prabhjot.Kainth@brampton.ca

Carol Burnup
Director, Communications and Marketing, Tree Canada
613-567-5545 ext. 230 (office) | cburnup@treecanada.ca

Mathieu Gaudreault
Senior Advisor, Media Relations, CN
1-833-946-3342 | media@cn.ca